Paggamit ng Katas ng Burong Halaman (FPJ):

- Ihalo ang 1-2 kutsarang KB-Halaman sa 1 litrong tubig o 1-2 lata ng sardinas sa bawat 16 litrong tubig.
- Iisprey tuwing ika-sampung araw habang papalaki hanggang sa magsimulang mamunga ang halaman.
- Maaring gamitin ito kasabay ng iba pang mga katas.
- Ibabad sa katas ang binhi/buto 2-4 na oras bago itanim para maging malakas at mapabilis ang pagsibol ng buto.
- Ibabad ang punla ng 30 minutos hanggang 2 oras bago maglipat-tanim para mabigyan ito ng kinakailangang growth hormone at mapalakas laban sa stress at pesteng mikrobyo.

Reference:


- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.



Production Team

Consultants
Renato A. Maguigad
Center Director

Imelda M. Guillermo
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar
Coordinator Organic Agriculture

Writers
Ma. Norma G. Maddalora
Info. Officer II
Claris M. Alaska
Agriculturist II

Proofreader
Arlyn G. Ong

Layout and Design
Teodoro B. Baui
Artist Illustrator

Reprinted by:
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Diliman, Quezon City


# PAGGAWA NG KATAS NG BURONG HALAMAN (KB-HALAMAN)

## FERMENTED PLANT JUICE (FPJ)




**Department of Agriculture**
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center-Reion 2**
**Cabagan, ISabela and San Mateo, Isabela**

Ang katas ng burong halaman ay galing sa katas ng binurong dahon, pasibol at suloy ng halaman. Pinanggagalingan ito ng chlorophyll (dahilan kaya maberde ang halaman) at growth hormone na tumutulong sa paglaki at paglago ng pananim. Importanteng pumili ng mga halamag mabilis lumaki (tulad ng saging, kangkong, kamote, duck weed) sa paggawa ng FPJ. Mas maganda kung ang gagamiting materyales ay mula sa mga suloy at dahon ng halamang paggagamitan nito.



Gamit ng Katas ng Burong Halaman (FPJ):

- Ang katas ng burong halaman ay maaring mayroon taglay na NITROHENO kung ang sangkap ay mga dahon ng legumbre; at GROWTH HORMONE kung ang napiling sangkap ay mabibilis tumubo o lumaki tulad ng duckweed, camote o kangkong; at POTASSIUM O CALCIUM at iba pang sustansya na kailangan sa produksyon ng halaman at hayop.
- Nagpapabilis ng paglaki ng tanim at napagkukunan ng natural na enerhiya at bitamina ng hayop.

Mga Materyales na Kakailanganin:

- Lalagyan (earthen jar or food grade plastic container)
- Malinis na papel
- Tali
- Molasses
- Timba
- Mga halamang sangkap (puno ng saging, talbos ng kamote, kangkong, o alugbati o labong).


Paraan ng Paggawa:



1 Pumutol ng saha ng saba, talbos ng kamote kangkong o alugbati, ang labong ay maari rin gamitin.



2 Gayatin ng maliliit ang 2 kilong nais na sangkap. Haluan ito ng 1 kilong molasses.




3 Ilagay sa isang tapayan at lagyan ng isang malaking bato sa ibabaw upang ang mga ito ay lumubog.



4 Kinabukasan tanggalin ang bato at lakipan ang tapayan ng malinis na papel o plastik at talian. Ilagay ang tapayan sa isang malamig at malilim na lugar. Ang "fermentation" ay matatapos ng 7 araw.



5 Ito ay magkakaroon ng 2.5 litro ng sabaw kung saha ng saging ang gagamitin.



6 I-sprey sa dahon at lupa. Maari rin itong inumin ng tao. Tinutulungan paramihin ang IMO.